

PhilRice

Inilalathala ng
Philippine Rice Research Institute
bawat 6 na buwan

Magasin

**'Wag
masindak
sa imported
na bigas.**

Kaya nating labanan ito!

ISSN 2556-1311 (PRINT)



9 772546 131005

Vol. 6 No. 2

Enero-Hunyo 2017

Mas masaya ang magsasakang napalaki ang kanyang ani sa kabila ng maliit na puhunan. Sa pamamagitan ng iba't-ibang estratehiyang nilalaman ng isyung ito, alamin kung paano mapapataas ang iyong ani habang pinapababa ang iyong gastusin sa bukid!



'Wag masindak sa imported na bigas.
Kaya nating labanan ito!



0917-111-7423



rice.matters



www.philrice.gov.ph
www.pinoyrice.com

1

Mula sa Editor

2

Easy lang ang 6 tonelada kada ektarya

4

Right timing sa pag-aabono, yan dapat!

6

Tubig is LIFE!

8

Sa paghahanda ng lupa, patag dapat

9

Mataas na ani, mababang gastos?

10

Paandar ng seed grower, alamin!

12

Almost perfect manananim

14

Text, surf, training, at pagpapalayan:
may konek pala!

16

Kailangan mo rin si "Posporo"

Managing Editor: Christina A. Frediles • **Writers/Photographers:** Zenny G. Awing • Anna Marie F. Bautista • Jayson C. Berto • Allan C. Biwang, Jr. • Keesha N. Bornales • Donna Cris P. Corpuz • Carlo G. Dacumos • Christina A. Frediles • Marites Langote • Reuel M. Maramara • Philip M. Ostique • Shean Domer L. Ponce • Elsie E. Reyes • Fredierick M. Saludez • **Design and Layout:** Perry Irish H. Duran • **Illustration:** Andrei B. Lanuza • Perry Irish H. Duran • Jude Klarence C. Pangilinan • **Circulation:** Christina A. Frediles • Ronald M. Alquiros • **Administrative Support:** Ronald M. Alquiros • **Consulting Editor:** Constante T. Briones • **Editorial Advisers:** Sailila E. Abdula • Karen Eloisa T. Barroga • Ronan G. Zagado • Hanah Hazel Mavi B. Manalo

Maaaring kopyahin at ipamahagi ng mga mambabasa ang mga nilalaman ng magasing ito, kilalanin lamang ang PhilRice. Gayundin, hinihikayat ang sinuman na magpadala ng artikulo (600-800 na salita kalakip ang 4-5 larawan) at magmungkahi ng tema o mga istorya ng indibidwal o grupo na may kinalaman sa pagsasaka. Maaaring ipadala ang mga ito sa prii.mail@philrice.gov.ph o philricenews@gmail.com; o sa THE EDITOR, PhilRice Magazine, Development Communication Division, PhilRice, Maligaya, Science City of Muñoz, 3119 Nueva Ecija.

'Wag **MASINDAK** sa *imported* na bigas.

Kaya nating labanan ito!

Ang Rice Trade Liberalization Act ang bagong batas na nagpapaluwag sa pag-angkat ng bigas o palay sa ibang bansa na may kaukulang buwis o taripa. Ang taripang malilikom ng gobyerno ay gagamitin naman sa *Rice Competitiveness Enhancement Program* na tutulong sa mga magsasaka na mapababa ang gastos at mapaangat ang ani at kita sa pagsasaka.

Sa pinaluwag na pagpasok ng *imported* na bigas sa bansa, hindi kataka-takang mag-alala ang ating mga magsasaka na baka baratin ang kanilang produktong palay. Kesa magmukmok, matakot, mas mabuting mag-isip kung paano tayo makasasabay sa presyuan. Nasa P27 kada kilo lang ang bigas Vietnam, P30 sa India, P31 sa Thailand, samantalang nasa P34-37 naman kada kilo ang pakyawang presyo sa Pilipinas.

Sa magasing ito, tuklasin ang diskarte ng mga magsasakang Pinoy na nakasubok na ng mga pamamaraang nagpapataas ng ani, nagbabawas ng gastos, at nakapagpapalawak ng kaalaman na siyang susi nang hindi madehado sa *imported* na bigas.

Mamangha sa kwento ni Mang Gilbert ng Agusan del Norte na gumapas ng higit 6 tonelada (120 sako) kada ektarya na halos P5 lang ang puhunan kada kilo. Paggamit ng dekalidad na binhi ang alas ni Gilbert!

Matutunghayan din ang kahalagahan ng tubig sa palayan. Akalain mong 2,000 litrong tubig (10 *drum*) pala ang kailangan nang makaani ng isang kilong palay? Alamin ang kartada ng Manubuan SWISA sa North Cotabato na gumagamit ng init ng araw upang makapagpatubig. Tipid na sa gastos, hindi pa uhaw ang palay. Bukod pa rito ang teknolohiyang kontroladong pagpapatubig.

Nariyan ang salaysay ni Mang Jerome ng Tayum, Abra na naniniwala sa kahalagahan ng tamang panahon ng pagpapataba. Aniya, maski sandamukal ang patabang ilalagay ay hindi garantiya ng maipagyayabang na ani. Bukod sa dagdag gastos, maaari pang malustay at masayang lang ang pataba kung hindi pa gutom ang palay sa panahong pakakainin ng abono.

Bukod sa mga teknolohiyang nagpapalaki ng ani, mayroon din kaming kwento ng mga teknolohiyang tipid sa gastos tulad ng paggamit ng makina. Nariyan ang karanasan sa tunay na buhay nina Mang Terencio ng Bohol na gumagamit ng *mechanical transplanter* at Mang Ricky ng North Cotabato na *drumseeder* naman ang sandata. Hanggang P2,000/ektarya ang natitipid sa paggamit ng *transplanter*; nasa P1,200 naman sa *drumseeder*.

Huwag maliitin ang makinang kayang-kayang mag-ani, maggiik, mag-ipon, maglinis, at magsako ng palay sa isang pasada lang! Ito ang matagumpay na kwento ni Mang Leobin na isang *seed grower* mula Negros Occidental na gumamit ng *combine harvester*. Nagpapaandar din siya ng *flatbed dryer* na kayang magpatuyo ng palay gamit ang init mula sa nagbabagang ipa.

Nang madagdagan pa ang sariwang kaalaman sa pagsasaka, may mga kwento rin kami ng mga magsasaka na humuhugot ng impormasyon gamit ang *internet*, babasahin, pagdalo sa mga *seminars*, at pagiging miyembro o kaalyado ng kooperatiba na siya namang nakatulong sa lyamadong ani at kita sa pagsasaka. Ang agimat ay walang kinalaman sa pagpapalayan!

Nang mapawi ang agam-agam mo sa pagpasok ng barku-barkong *imported* na bigas sa Pilipinas, sige basa na! •

Easy lang ang 6 tonelada kada ektarya

Ayon sa pagsasaliksik ng PhilRice, wala pa sa kalahati ng lahat ng magsasakang Pinoy ang gumagamit ng dekalidad na binhing inbred. Kadalasan, sa kapwa magsasaka o sa sariling ani humuhugot ng itatanim na binhi. Ang resulta, madaming halo, matamlay ang punla, at yagit ang ani. Kung alam lang nilang mas malaki ang tyansang tumaas nang 10% o higit pa ang ani, e di sana'y dekalidad na binhi na ang ginamit sa umpisa pa lang.

ISINULAT NI:
REUEL M. MARAMARA

"Mala-malang" dekalidad na binhi

Hindi ipinagkakaila ni Gilbert Maturan, 42, Esperanza, Agusan del Sur, na dati ay kung saan-saan lang siya kumukuha ng binhing itatanim, mula sa kumpare o kaya naman sa kanyang karaniwang ani. Kaya naman, pinakamataas na ang 4 tonelada (80 sako) kada ektaryang ani. Bukod sa masasabing kulorum ang binhi ni Mang Gilbert, kampante siya noon kahit 2 sakong binhi o 100 kilo ang ipupunla niya sa isang ektarya.

Ayon kay Errol Santiago ng PhilRice, sapat na ang punlang 40 kilong dekalidad na binhing *inbred* bawat ektarya para sa *transplanting*, may pasobra pa ito kung tutuusin. "Kung sobra-sobra at nagsisiksikan ang mga palay, mag-aagawan lamang sila sa pataba at sinag ng araw na nagiging dahilan ng maikling uhay at kakapiranggot na butil na nagreresulta sa mahinang ani," pangungutya pa ni Santiago.

Dekalidad dapat!

Taong 2017 nang mapabilang si Gilbert sa programang Rice Business Innovations System (RiceBIS). "Laking pasalamat ko sa RiceBIS ng PhilRice at natutuhan ko ang kahalagahan ng pagpili ng dekalidad na binhi at tamang pangangalaga nito," pahayag ni Gilbert. Dagdag pa sa natutuhan niya ang paraan ng pagpupuro ng binhi sa sariling bukid. Sumatotal, naenganyo siyang maging *accredited seed grower* nang dahil sa taas ng ani at kita!

Ayon kay Susan Brena, *seed quality expert* ng PhilRice, malaking bagay na gumamit ng dekalidad na binhi ang mga magsasaka kasabay ng tamang teknolohiya upang masigurong dekalidad din ang ani. Ang binhi ay dapat sisibol halos lahat, pantay-pantay ang tindig ng palay, at walang masyadong halong buto ng ibang barayti (*off-types*). Wala ring naliligaw na mga buto ng damo o anumang

bagay na maituturing na sumisira sa kalidad ng binhi at ng aanihin.

Dapat ding maayos ang pag-iimbak ng mga binhi para mapanatili ang kalidad nito. Payo ng eksperto, kung hindi pa kaagad gagamitin, itago ang mga buto sa tamang lugar na malinis, walang mga insekto tulad ng bukbok, katamtaman ang temperatura, at may dumadaloy na hangin.

"Mahalaga ring piliin ang mga barayting angkop sa palayang pagtataniman," dagdag ni Brena.

“Malaking bagay na gumamit ng dekalidad na binhi ang mga magsasaka kasabay ng tamang teknolohiya upang masigurong dekalidad din ang ani.”

- Brena

Bukod sa pagbili ng *certified seeds*, maaari ring magpuro ng sariling binhi ang magsasaka lalo na sa mga lugar na mahirap maghanap ng akreditadong *seed growers*. Siguraduhin lamang na sundin ang mga alituntunin sa pagpupuro ng binhi sa sariling bukid.

Bunga ng pagsisikap

Sa maayos na pangangalaga at pagtanim ng dekalidad na binhi, nakaani si Mang Gilbert ng mahigit 6.3 tonelada kada ektarya gamit ang NSIC Rc 160. Nasubukan na rin nya ang Rc 146, 216, 300, at PSB Rc 18.

Pagtutuos ni Gilbert, P29,120 kada ektarya ang kanyang nagastos sa nakaraang taniman, hindi kasali rito ang produksyon niya ng *certified seeds*. Kung susumahin, halos P4.60 lang ang gastos niya sa bawat kilo ng inaning palay.

Malaking bahagi rito ay napunta sa lakas paggawa o *labor cost* (P15,400), pagkontrol sa mga peste tulad ng damo, insekto at kuhol (P5,600), pataba (P4,500), at binhi (P1,500). Ang iba naman ay napupunta sa ibang gastusin tulad ng krudo at renta sa makina (P2,120).

Maliban sa pagbebenta ng *certified seeds*, nagtitinda rin siya ng bigas sa halagang P45 kada kilo mula sa tanim niyang NSIC Rc 160.

Kayang-kaya

Payo ni Mang Gilbert, simulan ang pagpili ng binhing kinikilala sa merkado, mataas umani, at angkop sa inyong lugar. Binigyang diin din niya ang paglikha ng solusyon sa problema sa bukid kaysa sa paghahanap ng masisisi kung bakit mababa ang kita ng magsasaka.

“Ugaliing mag-*monitor* at balangkasin kung ano ang dapat gawin para maiwasan ang komplikasyon. Mahalagang alam mo ang nangyayari sa palayan,” sabi ni Mang Gilbert.

Hangad ni Gilbert na makamit din ng ibang magsasaka ang kaligayahang natatamasa at nararanasan niya sa pagpapalayan. Bukod sa napag-aaral niya ang kanyang mga anak dahil sa pagsasaka, nakapundar din siya ng bahay, nakabili ng mga sasakyan, at mga makinarya na ginagamit sa pagsasaka. Kaya naman buong puso niyang ibinabahagi sa kanilang komunidad ang kanyang kaalaman.

“Hindi man sa ngayon, darating din ang araw na mas maraming magsasaka ang nakangiti dahil kuntento sa ani maging sa kita,” pagtatapos ni Mang Gilbert. •



Para kay Mang Gilbert, mahalagang malaman kung ano ang nangyayari sa palayan kaya naman araw-araw niya itong dinadalaw

Reuel M. Maramba

Right timing sa pag-aabono, 'yan dapat!

ISINULAT NI:
ZENNY G. AWING

Gaano man kaganda ang mga titik at daloy ng awit o indak at kumpas ng sayaw, kung wala naman sa tiyempo ay sintunado at kontrapelo pa rin. Masarap nga ang ulam, busog pa naman ang mga pakakainin. Paano nila sisimutin? Ganoon din sa pag-aabono; bagamat sustansiya ang hatid sa palay, sayang lang kung 'di tumpak sa panahon. *Right timing*, ika nga.

Combo panalo

Laking pasalamat ni Jerome Botanes, 44, ng Tayum, Abra nang matutuhan niya ang *timing* sa pagpapataba. Mabuti na lamang nakasali siya sa *PalayCheck training* noong Disyembre 2015. Natutuhan ni Mang Jerome na may katumbas na sustansiyang kailangan ang bawat yugto ng buhay ng palay.

Pagkatapos maglipat-tanim, naglalagay si Mang Jerome ng tig-dalawang sakong urea at 16-20-0 sa kanyang isang ektaryang lupang galas. Ito ay upang mabilis makabawi ang palay sa makaputol-ugat na pagkakabunot sa tinubuang punlaan.

Ayon kay agronomistang Wilfredo Collado ng PhilRice, mas mainam maglagay ng patabang triple katorse o katumbas nito pagkalipat-tanim. Aniya, kailangang pabilisin ang paglaki ng punla, at palaguin ang mga ugat at bilang ng suwi, upang maging matibay at matipuno ang puno ng palay.

Matapos naman makarekober ang palay at makarating na sa sukdulang pagsusuwi, ito ang hudyat na nasa *rapid growth stage* ang alaga mong palay. Dito nangyayari ang pagdami ng mga malulusog na suwi, paghaba ng biyas,



paglaki, paghaba at paglapad ng mga dahon, at paglilihi. Kaya dapat na may sapat ding sustansiya ang palay sa panahong ito. Gutom ang halaman; dapat busugin ng pataba.

Pagkaraan naman ng 59 araw pagkapunla, nagdaragdag si Mang Jerome ng 2 sakong urea o patabang nitroheno. Kwento niya, ito ay upang masiguro ang pagpaparami ng butil kada uhay, porsyento na may laman at mapintog ang mga ito, at masagana ang taglay na protina. "Maaari ring magsabog ng patabang may potasyo nang mas maging siksik at mabigat ang bawat butil ng palay," dagdag pa ni Mang Jerome.

Balik kay Collado: importanteng matutuhan at mamonitor ang mga kritikal na yugto ng buhay ng palay upang mapakinabangan nito ang mga sustansiyang dala ng pataba.

"Kapag nakaligtaan o bale-walain mo yung mga *critical growth stages* na yan, sinasayang mo na rin ang potensyal at bisa ng abono. Kahit tama ang dami, mali ka naman sa *timing*, mawawaldas ang pataba. Kumbaga itinatapat natin yun sa panahon na kailangan niya ng sustansiya na yun," pahayag ni Collado.

Takdang oras ng pagpapataba

Bukod sa natutuhan ni Mang Jerome na may angkop na sustansiya ang bawat yugto ng buhay ng palay, may sinusunod din siyang tamang oras ng pagpapataba. Tiyemping wala nang hamog sa halaman at hindi gaanong matarik ang araw kung siya ay magsabog ng urea at iba

pang pataba. Anya, mabilis daw kasi malusaw ang nitrohenong taglay ng urea.

Patotoo ni Collado na kapag masyadong mainit ang panahon, sumisingaw sa himpapawid ang nitroheno mula sa patabang urea. Kaya mas mainam magpataba 'pag hindi pa masyadong mainit o papalamig na ang sikat ng araw.

Biyaya ng nasa tiyempo

Kung dati ay tampulan ng tukso at kamalasan ang 23 sakong inaani ni Mang Jerome sa kanyang 3 ektaryang palayan, ngayon ay nasa 300 sako na! Ilan sa mga barayting nasubukan nyang itanim ay NSIC Rc 146, Rc 218, at PSB Rc 82. Naibebenta niya ang mga ito sa P20 kada kilo.

Kada ektarya ay pinakamataas na ang P25,000 na gastos ni Mang Jerome. Kasama na dito ang P8,000 para sa pataba. Dahil sa pagbubukid, nakapagpatayo siya ng bahay, nakabili ng traktor, at isang kuliglig.

"Kahit na araw-araw akong pumapasok sa opisina, hindi ko kinakaligtaang dumaan sa bukid, nakukonsensya kasi ako. Para sa akin kasi, hindi lang pangkabuhayan ang pagpapalayan, ito rin ang pumapawi ng aking *stress*," pagmamalaki ni Jerome.

Tiyempo, klase, at dami ng pataba

Paalala ni Collado na bukod sa tamang tiyempo at klase ng pataba, mainam ding alamin ang tamang dami ng ilalagay. Aniya, ang pag-aaplay ng sobra o kulang na pataba ay maaaring

“Kapag nakaligtaan o bale-walain mo yung mga *critical growth stages* na yan, sinasayang mo na rin ang potensyal at bisa ng abono. Kahit tama ang dami, mali ka naman sa *timing*, mawawaldas ang pataba. Kumbaga itinatapat natin yun sa panahon na kailangan niya ng sustansiya na yun.”

- Collado

maging mitsa ng pamiminsala ng mga pesteng insekto at sakit sa palayan. Ito rin ay magiging sanhi ng pag-urong ng ani at pagpayat ng kita ng mga magsasaka.

Kaya naman, ipinapayo ni Collado na partikular na subaybayan ang tamang nutrisyon ng palay mula pagsusuwi hanggang paglilihi at pamumulaklak. Paalala nya na alamin ang tamang uri at dami ng pataba ayon sa klase at kailangan ng lupa, at ang tamang panahon ng pag-aabono nang lubusang mapakinabangan ng palay ang sustansiyang ilalagay. Mainam din na ipasuri ang lupa sa tuwi-tuwina upang hindi hula-hula ang pag-aabono sa palayan.

Dagdag naman ni Jerome Botanes na isaalang-alang ang barayti ng palay upang matantya ang pagpapataba. "Iba-iba kasi ang paggulang ng palay, kaya angat ka kung alam mo kung ilang araw bago ito maani nang hindi ka atrasado o adelantado sa pag-aabono. 'Di rin biro ang papel ng lupa sa klase ng patabang ilalagay," dagdag pa ni Mang Jerome. •

Tubig is LIFE!

ISINULAT NI:

ANNA MARIE F. BAUTISTA

Water is *life*, ika nga. At walang kumontra. Kung ang tao ay hinihikayat na uminom ng 2 litrong tubig kada araw, ang palay naman ay walang pagka-uhaw sa 2,000 litro kada kilong butil na aanihin.

Tubig bilang *messenger*

Tagapaghatid ang tubig ng mahahalagang sustansiya mula sa lupa tungo sa iba't-ibang bahagi ng palay. Ang sapat na patubig ay nagreresulta sa maganda at malusog na tanim, magandang bulas, normal na paglaki, at di-nakakapanlumong ani.

Para matubigan ang palay, maaaring subukan ang makinang pinagagana ng init ng araw o 'di kaya'y ipa bilang panggatong. Maaari rin gamitin ang teknolohiyang kontroladong pagpapatubig nang dumami ang makinabang sa tubig.

Mula sa sikat ng araw

Sa pangunguna ni Agri-Secretary Emmanuel Piñol, nagpapatayo ngayon ang DA ng mga solar-powered irrigation system (SPIS) sa iba't ibang dako ng bansa, kasama na ang Manubuan Small Water Irrigation System, Incorporated (SWISA) sa North Cotabato.

Ang SPIS ay kawangis ng *water pump* ngunit sa halip na krudo, *solar panels* ang gamit nito; init mula sa sikat ng araw ang siyang nagpapaandar sa *power*

system nito. Humihigop ng tubig ang *pump* mula sa sapa, lawa, ilog, o malakas na batis na siya namang iimbakin sa *water reservoir*. Tuwing kakailanganin ng magsasaka ang tubig para sa palayan, bubuksan lamang ang *gate bulbs* upang padaluyin ang tubig.

Ang SPIS na nakumpleto noong 2018 at pinangangasiwaan ngayon ng Manubuan SWISA ay may 17 *solar panels*, 15hp na motor, at 5 *gate bulbs*. Kaya nitong patubigan ang halos 17 ektarya sa loob ng 2 linggo tuwing panahon ng paghahanda ng lupa. Aabot sa 50 ektaryang palayan ang kayang mapatubigan ng kanilang SPIS kapag nadagdagan pa ang kasalukuyang 350 metrong *pipeline* nito.

Kung dati ay minsanan kada taon ang pagtatanim ng palay ni Tranquilino Pulanco, 79, Presidente ng Manubuan SWISA, ngayon ay 2 beses na – tag-ulan pati tag-araw.

“Gaya ng inasahan ko, hindi na namin kailangan bumili ng krudo para magpatubig. Ang laking tulong nung SPIS lalo na’t taas-baba ang presyo ng krudo,” pahayag ni Mang Tranquilino.

“Dati, may nagkakatampuhan pa sa amin kasi nag-uunahan sila manghiram ng *water pump*. Ngayon, sabay-sabay na kaming may patubig!”

- Faustino
(pangatlo mula sa kaliwa)

Masaya ring ibinalita ni Mang Faustino Ocampo Jr., 33, miyembro ng Manubuan SWISA, na hindi na niya kailangan pang bumili ng halos 20 litrong krudo para paandar ang *water pump* sa kanyang 1.5 ektaryang palayan. Mas mabilis na rin ang gawain ni Mang Faustino sa bukid, salamat sa SPIS. Kung dati ay magbubuhat pa siya ng mabigat na *water pump* at *hose* para makahigop ng tubig sa sapa na halos isang kilometro ang layo, ngayon ay pipihitin na lamang niya ang *gate bulbs* at maghihintay nang makaipon ng sapat na tubig ang kanyang palayan.

“Dati, may nagkakatampuhan pa sa amin kasi nag-uunahan sila manghiram ng *water pump*. Ngayon, sabay-sabay na kaming may patubig!,” pagbubunyi ni Mang Faustino.



Jayson C. Berto



Manny Piliol Facebook Page

Sa haba at lapad na 10m^2 at taas na 4m^2 , kaya ng SPIS patubigan ang 50 ektaryang palayan.

Higit sa lahat, sina Tranquilino, Faustino, at iba pang miyembro ay masayang nakapaghakot ng higit 100 sako (65-70 kilo kada sako) ng sariwang palay sa bawat ektarya noong nakaraang dalawang anihan simula nang mapagana ang SPIS.

Natsambahan din nilang mahal ang palay (P22.50 kada kilo) noong mga panahong iyon. Paliwanag ni Tranquilino, ito ay dahil nagkaroon na sila ng maayos na patubig kaya nauna silang gumapas at magbenta kumpara sa iba. Kaya naman, sobrang pasalamat niya sa magandang proyektong ito.

Enerhiya mula sa ipa

Napatunayan ito ni Joselito Fulgencio, 42, ng Occidental Mindoro na nakasali sa *pilot-testing* ng *water pump gasifier*.

Ayon sa kanya, naging P2,000 na lamang ang dating P15,000 na gastos niya sa irigasyon ng kanyang 1.5 ektaryang palayan.

Ang *gasifier* na ito ay imbento ng mga *engineers* ng PhilRice para sa mga palayang sahod-ulan. Gumagamit ito ng 17kilong ipa bilang panggatong upang mapaandar ang makina sa loob ng 2 oras. Kaya nitong maglabas ng tubig mula sa de-tres (3 pulgada na laki) na tubo. Ayon sa pagtutuos ng mga PhilRice *engineers*, gagastos lamang ang magsasaka ng P1.23/m^3 na tubig kung prepresyuhan ng piso ang bawat kilo ng ipa.

Kontroladong pagpapatubig

Ayon kay Fredierick Saludez, isa sa mga *agriculturists* ng PhilRice, hindi kailangang laging babad sa tubig ang palayan. Wala mang

makitang tubig sa ibabaw ng lupa ay mayroon naman ito sa ilalim. Kung kaya, ginagamit ang *observation well*, isang tubo na gawa sa *plastic* o kawayan, na may habang 25sm upang sukatin ang lebel ng tubig sa palayan. Ito ay inilalagay sa taniman 30 araw pagkatapos maglipat-tanim. Hihintayin muna na maubos ang tubig sa loob ng *observation well* bago muling magpatubig.

Sa kontroladong pagpapatubig (*Alternate Wetting and Drying*), mas madali rin ang pamamahala ng damo at mahina pa ang galaw at pinsala ng mga kuhol. Tipid na sa tubig at gastos, iwas pa sa mga peste.

Ngayon na ang patubig ng gobyerno sa palayan ay libre na, mainam ding pagmuni-munihan na anumang sobra o kulang ay maaaring makasama sa palay. Kung susumahin, ang tubig sa palayan ay 'di tulad ng bangko na kung magdedeposito ng napakaraming tubig ay garantisado na ang pakinabang.

Huwag tayong gahaman sa tubig, at wawaldas lamang. Magpatubig lamang kung kailangan upang dumami ang makakapagpalayan. Ang palayan ay hindi *swimming pool* na pinagtatampisawan. •

SA PAGHAHANDA NG LUPA PATAG DAPAT



Nakasaad sa *PalayCheck System* ang kahalagahan ng tamang paghahanda ng lupa. Ayon dito, ang patag na lupa ay kinakailangan para sa maayos na pagpapatubig at paglaki ng palay. Kung hindi maayos ang paghahanda ng lupa, maaaring umatras ang aning palay nang hanggang 5%.

Upang maisagawa ito, kinakailangang siguruhin ng mga magsasaka na walang mataas na tumpok ng lupa na makikita pagkatapos ng huling pagpapatag.

ISINULAT NI:
DONNA CRIS P. CORPUZ

IGINUHIT NI:
JAYSON C. BERTO

SUBJECT MATTER SPECIALIST:
EDUARDO JIMMY P. QUILANG

MGA PAKINABANG NG TAMANG PAGHAHANDA NG LUPA

Mas maayos na pamamahala ng tubig at mas madaling pagsasagawa ng *controlled irrigation* (AWD)



Mas kaunting tubig ang kailangan upang patubigan ang pinitak



Mas mataas na kalidad ng aanihin dahil sa mas maayos at pantay na paglaki ng halaman



Mas madali ang pagpapatuyo sakaling malubog sa tubig ang palay



Mas madali ang pagtatanim at paglago ng palay kung naikalat at nabulok nang mabuti ang mga damo at pasyok ng palay



Mas madaling pamahalaan ang damo at kuhol sa palayan



Mas madaling patayin ang mga tutubong butong ligaw



Mas madaling paggamit ng makina sa pag-aani



Mas kapaki-pakinabang na paggamit ng pataba



MATAAS NA ANI, MABABANG GASTOS?


ISINULAT AT IGINUHIT NI:
ANDREI B. LANUZA

SUBJECT MATTER SPECIALIST:
FREDIERICK M. SALUDEZ

Paano nga ba umani at kumita ng malaki sa pagpapalayan nang hindi masakit sa bulsa? Eto ang 5 na payo na maaaring makatulong.

1. Dekalidad na Binhi.

Gumamit ng dekalidad na binhi upang dumami ang ani nang 10% at pataas.



2. Tamang Paghahanda ng Lupa.

Malaking tulong ito sa pag-iwas sa mga peste, at sa mabuting pamamahala ng tubig.



3. Tamang Pamamahala ng Sustansiya.

Alamin at isagawa ang tamang uri, dami, at panahon ng paglalagay ng abono.



4. Gumamit ng Makinarya.

Ito ay nakatitipid sa gastos, oras, at pagod. Ayon sa PSA, 52% ng puhunan sa pagpapalayan ay napupunta sa labor.



5. Maghanap ng Karagdagang Impormasyon.

Dagdagan ang kaalaman sa pagsasaka. Sumagguni sa PhilRice Facebook page, PinoyRice Website, at PhilRice Text Center.



Paandar ng seed grower, alamin!

ISINULAT NI:

CHRISTINA A. FREDILES

Higit P100,000 ang netong kita ni Mang Leobin sa kanyang palayan kada ektarya. Para sa kanya, jackpot ang pagiging *seed grower* lalo na at gumagamit pa siya ng makina sa pagsasaka.

Tubong San Enrique, Negros Occidental si Leobin B. Villo, 37. Ilan sa mga binhing hinahanap-hanap ng mga suki nya ay NSIC Rc 214, Rc 216, Rc 226, at Rc 222. Sabi niya, mas lalo pa siyang ginanahang maging *seed grower* nang masubukan niya ang *combine harvester* at *flatbed dryer*. Bukod kasi sa nakatipid siya sa gastos, mas napabilis at gumaan pa ang kanyang trabaho sa bukid at hindi pa hirap humanap ng gagapas o magbibilad ng palay.

"5 in 1" makina, sakay na!

Nagsimulang gumamit si Mang Leobin ng *combine harvester* noong Marso 2018. "Ngayon, hindi na ako hirap humanap ng tao, hindi ko na rin problema ang ipapakain sa maggagapas, at 3 oras lang ay tapos nang anihin ang 1 ektaryang binhian," masayang pahayag ni Mang Leobin.

Binansagang "5 in 1" na makina, ang *combine harvester* ay kayang mag-ani, maggiik, mag-

ipon, maglinis, at magsako ng palay sa isang pasada lang. Sa isang araw, kaya nito ang 5.5 ektaryang palayan kung aabutin ng dilim o hanggang 4 ektarya sa araw. Ayon kay Dr. Arnold Juliano, hepe ng Rice Engineering and Mechanization Division sa PhilRice, pamalit ang *combine harvester* sa gawain ng *rice reaper* at *stationary thresher* kabilang na rin ang pagpapaalam sa nakakapagod at aksayadong pagkakamada ng ginapas na palay bago ang paggiik.

Gamit ang *rice combine harvester*, mas kaunti ang malulugas o matatapon na mga butil kumpara sa manu-manong paghawak at paghakot. Kayang gawin ng 3 tao ang pag-aani, paggiik, at pagsasako, dagdag pa ni Juliano.

Solusyon din ang *combine harvester* kung may namumuong sama ng panahon na malamang ay dadapurak sa palayan dahil maaaring makapag-

ani nang mabilisan. Bago pa man abutan ng bagyo o unos ang pinagpaguran at pinagkagastusang palayan ay maililigtas at maisisinop na ang ani. Hindi na rin kailangang kamadahin ang mga ginapas. Kaya kung nasa 5 kaban ang maaaring makaltas na palay sa manu-manong paggapas at paggiik, hanggang 3 kaban lamang ang mapupunta sa wala kung gagamit ng *combine harvester*.

Pagdating naman sa gastos ay malaki rin ang tipid at naisusubi ni Mang Leobin. Hindi na niya kailangan pang bumili ng sako, magtahi, at magpakain ng tagagiik sapagkat sagot lahat ito ng may-ari ng *combine harvester*. "Sa manu-manong pag-aani, 22% ng kabuuang ani ang ibabayad sa gapas at giik, samantalang 16% lang ang bayad sa renta ng *combine harvester*. Kaya, mas tipid talaga," hirit ni Mang Leobin.



Patuyuang walang araw

Anim na taon nang nagpapatuyo ng palay si Mang Leobin sa kanyang sariling *flatbed dryer*. Aniya, 14 oras ang tagal ng pagpapatuyo kung basang-basa ang palay at 8 oras lang kung medyo tuyo ang ani. Bagamat hindi na obligadong ibilad ang palay pagkatapos isalang sa *flatbed dryer* ay may mga pagkakataong pinaaarawan pa rin ni Mang Leobin ang palay niya. Pinarerenta rin ni Mang Leobin ang kanyang *flatbed dryer*, P3,500 kada 100 kaban.

Ayon kay Juliano, kaya ng *flatbed dryer* magpatuyo ng butil ng palay, kape, mais, at iba pang butil. Gamit ang panggatong na ipa sa pugon ng *flatbed dryer*, ito ay nakalilikha ng init na ikinakalat ng *blower* sa palay na nasa *dryer*. Napapanatili ng *dryer* ang tamang init sa pagpapatuyo ng palay at hindi lalampas ang temperatura sa 43°C kung bibinhiin. Kundi ay baka masunog ang binhi at hindi na tutubo.

Paalala ni Juliano na huwag patagalang basa ang mga inaning butil. Ang matagal na basang

butil ay mawawalan ng sapat na kalidad bilang binhi, maaaring tumubo agad habang nasa imbakan, o kaya ay mangingitim ang bigas nito. Posible ring amagin ang basang butil, at tiyak na babaratin ng mga palay *traders* kung ibebenta rin lang naman.

Buhay seed grower

Para kay Mang Leobin, parehas lang ang pamamahala at mga gawain – ipapasok man na binhi o bibigasin ang palay. “Ang pagkakaiba lang ay ang proseso ng pagsesertipika ng palay na bibinhiin,” pahayag ni Mang Leobin. Kwento niya, kung bibinhiin ay kailangan magsumite ng aplikasyon sa National Seed Quality Control Services (NSQCS), 15-20 araw pagkatanim. May mga itatakdang pagbisita rin ng *seed inspector* nang masigurong malinis ang binhi. Kapag nakapagbigay na ng sampol sa NSQCS, kailangang pumasa sa 4 na kategorya ng pagsusuri nang maging *certified seeds*. Kabilang dito ang *seed purity test* kung saan 98% ng sampol ay puro; *varietal purity test* na magsasabing hindi

tataas sa 20 gramo ang halo sa bawat 500 gramong sampol; *germination test* kung saan 85% ng sampol ay dapat tumubo; at *moisture content* na 14%.

Paalala ni Mang Leobin: alisin ang mga halo, bunutin ang palay na wala sa linya, at panatiliing walang damo sa palayan upang masiguro na kabinhi-binhi ang palay. Kailangan ding tahipan ang palay gamit ang *seed cleaner*, nang mahiwalay ang mga butil na walang laman, magaan o tulyapis, pasyok ng palay, bato, at buto ng damo.

Kabuhayang tumitiba

Kung susumahin, 66 ektarya ang tinatamnan ng palay ni Mang Leobin. Mga 45 ektarya dito ay kanyang binibinhian. Kaya naman para sa kanya ay tunay na laking ginhawa ang pagpapa-andar ng mga makina sa kanyang “hasyenda”.

Naibebenta ni Mang Leobin ang *certified seeds* sa P1,550 kada 40kilong sako. “Ang *challenge* lang ay ang pagbabayad ng mga nagsipagkuha ng binhi,” kanyaw ni Mang Leobin. •

“**Sa manu-manong pag-aani, 22% ng kabuuang ani ang ibabayad sa gapas at giik, samantalang 16% lang ang bayad sa renta ng combine harvester. Kaya, mas tipid talaga.**”

- Leobin



Kesha N. Bornaes

Almost perfect manananim

ISINULAT NI:
ALLAN C. BIWANG

Allan C. Biwang

Unang subok pa lang, namangha at bumilib agad sina Terencio Palma, 39, San Miguel, Bohol at Ricky Saligumba, 49, Midsayap, North Cotabato sa paggamit ng mga makinang pantanim.

Bukod sa napapabilis ang pagtatanim, ikinatuwa rin nila ang laki ng natitipid sa puhunan gamit ang mga makina. Sinubok ni Mang Terencio ang *mechanical transplanter*; si Mang Ricky ay *drumseeder*.

Transplanter

Taong 2017 nang mag-usyosong gumamit si Mang Terencio ng 4-row walk-behind transplanter. Ginagamitan ito ng mga punlang pinatubo sa *seedling tray* kung saan nagiging buo o magkakadikit ang mga ugat ng punla.

"Sa *transplanter*, hindi mo na kailangang umupa ng mga tao para magbunot ng punla. Kaya naman, nakatipid ako ng P1,500 - P2,000 sa gastos kada ektarya," pagmamalaki niya. Kayang tamnan ng *transplanter* ang 1 ektarya sa loob lamang ng 8 oras.

Ikinakarga ang mga *seedling tray* sa likod na parte ng *transplanter* kung saan ang mga punla ay


gumagalaw sa kaliwa at kanan na parang papel habang ito ay naglilipat-tanim. Base sa karanasan ni Mang Terencio, sapat ang 40 kilo binhi kada ektarya. Kaya nitong malagyan ang 250-300 *trays*, na siyang rekomendadong bilang ng *tray* upang hindi labis o kulang ang mga punla.

Sa *seedling tray*, ipinapayo ng mga eksperto ang paggamit ng *garden soil* o pinaghalong *compost* at iba pang *organic materials* nang masigurong lumaki nang malusog ang punla. Wais na diskarte naman ni Mang Terencio ang paggamit ng lupa mula mismo sa kanyang bukid. Ayon sa kanya, wala raw pinagkaiba ito kung sa *seedbed* pinatubo ang punla.

Kung manu-manong pagtatanim, aabot sa P5,000 ang gastos niya kumpara sa P4,000 lang kada ektarya gamit ang *transplanter*, kasama na ryan ang renta sa makina at iba pang gastusin.

"Walang pinagkaiba," sagot ni Mang Terencio nang pakiusapan siyang paghambingin ang manu-mano at lipat-tanim. Gamit ang NSIC Rc 222, nasa 6 tonelada ang kanyang inaani.

Sinang-ayunan ito ni Dr. Arnold Juliano ng PhilRice. Sa isinagawang pag-aaral gamit ang *mechanical transplanter* at Rc 222, halos walang pinagkaiba ang ani nito sa 10t/ha sa tag-araw at mahigit 5t/ha sa tag-ulan.



Sa pagsisikap at pagpupunyagi ni Mang Terencio, nakapundar na rin siya ng sariling *transplanter* para sa kanyang 7 ektaryang palayan. Lahat ng kanyang natitipid na gastos ay pinambabayad niya sa kanyang hulugang *transplanter* sa halagang P250,000. Aniya, matatapos na niyang bayarin ito ngayong Marso 2019. Samantala, nakakapagrenta ng *transplanter* ang kapwa niya magsasaka sa *KASILAK at CAMBAOL multi-purpose cooperative*, at sa lokal na pamahalaan ng San Miguel.

Drumseeder

Malaki ang pasasalamat ni Mang Ricky at naglakas-loob siyang subukang gamitin ang *drumseeder*. Ayon sa kanya, tanging siya lamang sa kanilang barangay ang nagpakatikas na gumamit ng *drumseeder* na ipinagkaloob ng proyektong RiceBIS ng PhilRice.

Ayon kay Juliano, ang *plastic drumseeder* ay dinisenyo ng PhilRice at lokal na kumpanyang INCA Plastics. "Sa paraang sabog-tanim, ito ay simple, magaan, at madaling gamitin. Sa paggamit ng *drumseeder*, magkakatatap ang hanay ng palay sa distansyang 20sm (sandangkal). Sa tulong nito, maiiwasan ang pag-aksaya ng binhi. Nababawasan din ang pagdapa o paghapay ng palay dala ng malakas na hangin," paniniguro ni Juliano.

Kwento ni Mang Ricky, simula nang ginamit niya ang *drumseeder* napansin niyang mas gumanda ang bulas ng kanyang tanim dahil hindi na nagsisiksikan ang mga ito. Naging mahaba rin ang mga uhay ng palay kaya mas maraming butil. Dalawang taniman ng 2018 nang nasubukang gamitin ni Mang Ricky ang *drumseeder*. Kaya naman, bilib siya sa kakayahan nito.

Kung noon ay nasa 80-100 kilong binhi kada ektarya ang kanyang nagagamit sa manu-manong sabog-tanim, ngayon ay 40 kilo na lamang. Ayon kay Mang Ricky, sa nakasanayang sabog-tanim ay walang linya na sinusunod. Ang habol lamang ay maikalat ang binhi sa loob ng pinitak, kaya naman maaksaya kumpara sa 3-5 butil kada tundos kung *drumseeder* ang gamit.

Payo nga lang ni Mang Ricky na huwag masyadong mabilis o mabagal ang paghila ng *drumseeder* para tama lang ang hulog ng butil. Dalawang oras lang ang pagtatanim ni Mang Ricky sa isang ektaryang palayan gamit ang *drumseeder*. Bukod sa mabilis na pagtatanim, nakatitipid pa dahil hindi na niya kailangang mag-upa ng magsasabog-tanim. Kwento niya ay P1,200 din ang bayad ng mga manananim.

Maki-MAKINA saka na!

Sinasabing pinakamalaki ang matitipid ng magsasaka sa *labor cost* o lakas paggawa kaya naman mainam na ring umpisahan ang paggamit ng makina simula sa paghahanda ng lupa hanggang sa makaani. Bawas-gastos na, mabilis pa sa paggawa!

At sa mata ng mga ibang magpapalay sa ASEAN region na matagal nang makina ang gamit, hindi na mga aping timawa ang mga magsasakang Pilipino kundi kahanay na nila tayo. Batid na nating lahat ang importansya ng de-makinang pagpapalayan. •



Text, surf, training, at pagpapalayan: may konek pala!

ISINULAT NI:
ELSIE E. REYES

“**Ang pagsasaka ay parang kompyuter, kailangan ina-upgrade.**”

Yan ang banat ni Armando “Manding” Ongsingco, 51, Llanera, Nueva Ecija, sa pagkukwento tungkol sa patuloy niyang pag-aaral ng pagsasaka kahit na higit dalawang dekada na niyang trabaho ito.

Bilang *seed grower*, babad si Manding sa mga *training* o pagsasanay nang *ma-upgrade* ang kanyang kaalaman sa agrikultura. Ayon kay Manding, noong wala pa siyang masyadong alam ay malakas siyang gumamit ng *inputs* mula sa mga katuwang niya sa pagpapalayan. Nang matutuhan niya ang mga mas matuwid na pamamaraan, bumaba na raw ang kanyang gastos. Sa kasalukuyan, umaani siya ng 8.8 tonelada sa gastos na P40,000 kada ektarya.

PhilRice facebook page

Nasa 50,000 ang kasalukuyang *followers* ng PhilRice *facebook page*. Kabilang dito si Antonio

“Bong” Ponce, 47, ng San Antonio, Zambales, isa sa masugid na suki simula pa noong 2016.

Bagito sa pagsasaka, sakit sa ulo ni Mang Bong ang *zinc deficiency*, *BLB*, *stem borer*, *rice blast*, at *brown spot*. Kaya naman, sa kanyang 4,000m² palayan ay nasa nakakadismayang 10 kaban [50 kilo kada sako] lamang ang kanyang ani. Dahil dito, naisip niyang magtanong sa PhilRice *Facebook Messenger*.

Sa kanyang pag-uusisa ay natutuhan niya na hindi agad pagbomba ng pestisidyo ang solusyon kapag may nakitang insekto sa palayan. “Natutuhan ko ang kahalagahan ng mga kaibigang putakti na mainam na panlaban sa *stem borer*. Bukod sa magastos ang paggamit ng pestisidyo ay maaari pang makasama sa palay at kapaligiran, at sa akin mismo,” kwento ni Bong. Sa ganda ng tindig ng kanyang palay na hindi nya ikahihiya kanino man, inaasahan niyang aani siya ng 40 kaban!


Isa ring tagasubaybay ng PhilRice page si Rolando “Rolly” Benosa, 57, ng Sison, Pangasinan. Higit

dalawang dekada na siyang nagsasaka at nagsilbi ring Magsasakang Siyentista sa loob ng halos 2 taon. May mga iba pang suking *website* din si Rolly tulad ng NCBI, IRRI, Research Gate, at Pinoy Rice Knowledge Bank.

Bukod sa napaghuhugutan nya ng impormasyon ang PhilRice *Facebook*, naibabahagi niya pa ito sa kanyang mga kaibigan sa Usapang Palayamanin *Facebook page*.

Isa si Nica Francia, 54, OFW sa Macau, China, sa nabigyan ng tips ni Rolly. Bagama’t nasa ibang bansa, may pinasasakang bukid sa Talavera, Nueva Ecija si Nica. Aniya, nang payuhan siya ni Rolly ukol sa pag-aabono at

Rolando Benosa



Nona Bajaro



Angel Wasoy Florin



Antonio Ponce



Armando Ongsingco



Nica Francia

o 40 sako sa kanyang 6,000m² palayan.

Pero nang nagkakwentuhan sila ni Rolly Benosa sa *Facebook*, napagtanto ni Lhorence na maaaring sa nutrisyon ang problema sa halip na *fungus*. Nagbigay pa siya ng ibang *tips* lalo na sa pag-aabono at matapos 'to, umani si Lhorence ng 128 kaban!

Ang kwento nila Rolly, Nica, at Lhorence ay sumasalamin sa datos ng PhilRice noong 2016 na nagsasabing kapwa magsasaka pa ang pangunahing kuhanan ng impormasyon. Yun nga lang, sa kwento nila Rolly, ay hindi na lang simpleng kwentuhan sa bukid o tambayan ang bahaginan. Ngayon, mistulang papindut-pindot na lang sila sa *cellphone*.

PhilRice Text Center

Bukod sa internet, maraming nag-*tetext* o tumatawag sa PhilRice Text Center (PTC), 0917-111-7423.

Isa rito si Nona Bajaro, 58, ng M'lang, North Cotabato. Karaniwan siyang umaani ng 177 kaban [60-64kg] kada ektarya kung tag-araw at 231 kaban naman kung tag-ulan.

Inalala ni Nona kung papaano siya natulungan ng pagtawag sa PTC nang mamroblema siya sa

pagpupunla ay agad niya itong ibinahagi sa kanyang katiwala sa bukid. "Akalain mong nadoble ang ani ko! Dati ay nasa 75 kaban lang, ngayon ay umaabot ng 143 kaban," pagyayabang ni Nica.

Pagpapalaki ng kita naman ang isinasalaysay ni Lhorence Reyes, 30, na nangangasiwa rin ng palayan sa Tanganan, Aklan. Malupit ang karanasan niya noon nang agad niyang pinaratratan ng *fungicide* ang naninilaw na palay sa pag-aakalang *fungus* ang problema. Ang resulta, umani lang siya ng 2.2 tonelada

damo. Paliwanag niya, gustong-gusto niya ang natutuhan tungkol sa mga binhi at resistensya nila sa mga sakit at peste, lalo na at talamak ang mga ito sa lugar nila.

Parehong paksa rin ang napakinabangan ni Angel "Wasoy" Florin Jr., 66, ng Minalabac, Camarines Sur. Nirereklamo niya ang *BLB*, *rice blast*, at *sheath blight* sa palayan, ngunit nang kanyang mapansin sa PTC *message* ang paglalarawan ng mga binhi at resistensya, nabigyang linaw siya kung anong angkop na binhi ang itatanim sa kanila. Karaniwang umaani si Wasoy ng 100 kaban [54-56kg] kada ektarya sa gastos na P50,000 para sa *inbred*.

Siguradong marami pang kwentong may kinalaman sa pagtutuklas ang ibang magsasaka, na hango sa mga pangyayari sa tunay na buhay. Iba-iba man ang drama ng bawat kwento nila ay hindi maitatanggi ang kahalagahan ng patuloy na paghahanap ng mga napapanahong kaalaman para maging gabay sa pagpapasulong ng ani sa kontroladong gastos. •



GUHIT NI:
JUDE KLARENCE C. PANGILINAN

KWENTO NI:
FREDIERICK M. SALUDEZ





Sa Pilipinas, umaabot ng P12 kada kilo ang gastusin sa pagsasaka ng palay. Pero kung mabawasan ito ng 30% o maging P8/kilo na lang ang gastos at 5 tonelada ang ani kada ektarya, MAY LABAN TAYO SA IMPORTED NA BIGAS.



DEPARTMENT OF AGRICULTURE

PHILRICE
PHILIPPINE RICE RESEARCH INSTITUTE

PHILRICE CENTRAL EXPERIMENT STATION Maligaya, Science City of Muñoz, 3119 Nueva Ecija
Tel: (44) 456-0277 • Direct line/Telefax: (44) 456-0354

BRANCH STATIONS:

PhilRice Batac, MMSU Campus, Batac City, 2906 Ilocos Norte; Telefax: (77) 772-0654; 670-1867; Tel: 677-1508 Email: batac.station@philrice.gov.ph
PhilRice Isabela, Malasin, San Mateo, 3318 Isabela; Mobile: 0908-875-7955; 0927-437-7769; Email: isabela.station@philrice.gov.ph
PhilRice Los Baños, UPLB Campus, College, 4030 Laguna; Tel: (49) 536-8620; 501-1917; Mobile: 0920-911-1420; Email: losbanos.station@philrice.gov.ph
PhilRice Bicol, Batang, Ligao City, 4504 Albay; Tel: (52) 284-4860; Mobile: 0918-946-7439; Email: bicol.station@philrice.gov.ph
PhilRice Negros, Cansilayan, Murcia, 6129 Negros Occidental; Mobile: 0949-194-2307; 0927-462-4026; Email: negros.station@philrice.gov.ph
PhilRice Agusan, Basilisa, RTRomualdez, 8611 Agusan del Norte; Telefax: (85) 343-0768; Tel: 343-0534; 343-0778; Email: agusan.station@philrice.gov.ph
PhilRice Midsayap, Bual Norte, Midsayap, 9410 North Cotabato; Telefax: (64) 229-8178; 229-7241 to 43 Email: midsayap.station@philrice.gov.ph
PhilRice Field Office, CMU Campus, Maramag, 8714 Bukidnon; Mobile: 0916-367-6086; 0909-822-9813
Liaison Office, 3rd Floor, ATI Bldg, Elliptical Road, Diliman, Quezon City; Tel/Fax: (02) 920-5129

SATELLITE STATIONS:

Mindoro Satellite Station, Alacaak, Sta. Cruz, 5105 Occidental Mindoro • Mobile: 0908-104-0855; 0948-655-7778
Samar Satellite Station, UEP Campus, Catarman, 6400 Northern Samar • Mobile: 0948-754-5994; 0929-188-5438
Zamboanga Satellite Station, WMSU Campus, San Ramon, 7000 Zamboanga City • Mobile: 0910-645-9323



www.philrice.gov.ph
www.pinoyrice.com



0917-111-7423



[rice.matters](https://www.facebook.com/rice.matters)



prri.mail@philrice.gov.ph

